# Para sa mga taong nasa edad 60 pataas at sa mga may kronikong kundisyong medikal

Mayo 2022


Bakuna sa coronavirus

# Notipikasyon ng ika-4 na pagbabakuna.

4



**Walang bayad para sa pagpapabakuna** | **Galing sa pampublikong pondo ang kabuuang bayad**




**Maaari nang makatanggap ng ika-4 na bakuna.**
**Ang ika-4 na pagbabakuna ay magbibigay ng mataas na proteksyon laban sa paglala ng sintomas.**

## Para kanino ang bakuna

**Batay sa kasalukuyang siyentipikong kaalaman, sisimulan ang ika-4 na pagbabakuna para sa mga sumusunod sa katapusan ng Mayo.**

**5 buwan ang lumipas mula noong ika-3 pagpapabakuna**

**① 60 taong gulang pataas**

**② 18 taong gulang pataas at may kronikong kundisyong medikal**

**Mga taong kinilala ng doktor bilang may mataas na panganib ng paglala ng sintomas**

*Tungkol sa kronikong kondisyong medikal (Wikang Hapon lang)

***Kung naaangkop sa ①,** mangyaring dalhin sa lugar ng pagbabakuna ang vaccination voucher na pinadala sa iyo ng iyong lokal na pamahalaan.

*** Tungkol sa kung naaangkop sa ② o hindi,**
Kung kumukonsulta sa isang medikal na institusyon dahil sa kronikong kondisyong medikal, o kung may medikal na institusyong maaari mong konsultahin nang maaga, mangyaring kumonsulta sa doktor sa nasabing institusyon.
Kung walang medikal na institusyon na maaaring pagkonsultahan nang maaga, mangyaring kumonsulta sa lugar ng pagbabakuna kapag sumailalim sa paunang pagsusuri. Mangyaring kumpirmahin ang impormasyong ipinadala ng inyong lokal na pamahalaan tungkol sa pamamahagi ng vaccination voucher.

**Patuloy naming pag-iisipan ang ika-4 na pagbabakuna para sa mga taong liban sa mga nasa ① at ② habang kami ay nangangalap pa ng iba't ibang impormasyon.**

## Gagamiting bakuna

**Ang bakunang gagamitin ay mula sa Pfizer o Takeda / Moderna, hindi alintana kung anong uri ng bakuna ang ginamit sa ika-1 hanggang ika-3 pagbabakuna.**

## Epekto ng bakuna laban sa coronavirus

- **Iniulat ng isang pag-aaral sa ibang bansa na ang ika-4 na dosis ng bakuna ng Pfizer na ibinigay sa mga taong 60 taong gulang o mas matanda 4 buwan o higit pa pagkatapos ng ika-3 dosis ay nagpanatili ng bisa nito sa pagprotekta laban sa paglala ng sintomas kahit na lumagpas na ng 6 linggo pagkatapos ng pagbabakuna noong panahon ng paglaganap ng Omicron strain.**

Pinagmulan:Bar-On YM et al. Protection by a Fourth Dose of BNT162b2 against Omicron in Israel. NEJM. 2022.

## Kaligtasan ng bakuna laban sa coronavirus

- **Iniulat ng mga pag-aaral sa ibang bansa na walang malubhang masamang reaksyon hanggang sa 21 araw pagkatapos ng ika-4 na pagbabakuna.**

☐ **Mga sintomas na lumitaw hanggang sa 21 araw matapos ng pagpapabakuna ng mga 18 taong gulang pataas**

| | |
|---|---|
| **50% o higit pa** | **Kirot o sakit** 78.8% |
| **10-50%** | **Pagkapagod** 33.2% **Myalgia** 24.5% **Pananakit ng ulo** 21.5% **Induration o pamamaga** 12.0% |
| **1-10%** | **Arthralgia** 8.4% **Lagnat na mas mataas sa 37.5°C** 6.6% **Lymphadenopathy** 4.7% **Pamumula** 8.0% **Perception disorder** 1.5% **Pagkakaroon ng allergic reaction** 1.0% |

(*) Para sa: 274 katao (Pfizer: 154 katao, Moderna: 120 katao)

Pinagmulan:Gili Regev-Yochay et al. Efficacy of a Fourth Dose of Covid-19 mRNA Vaccine against Omicron. NEJM. 2022.

### ◎Tungkol sa pagbabakuna sa lugar maliban sa kung saan mayroon kang certificate of residence (lugar kung saan ang iyong registered address)

・Mga tatanggap ng bakuna sa institusyong medikal o pasilidad habang nasa ospital o na-admit sa pasilidad

➡ **Mangyaring kumonsulta sa institusyong medikal o pasilidad.**

・Mga tatanggap ng bakuna sa institusyong medikal habang nagpapagamot para sa underlying na sakit

➡**Mangyaring kumonsulta sa institusyong medikal.**

・Mga taong ang registered address ay naiiba sa tinitirhan

➡ **Maaaring makatanggap ng bakuna sa lugar na iyong aktwal na tinitirhan.**

Mangyaring kumpirmahin ito sa website ng munisipyo na iyong aktwal na tinitirhan o makipag-ugnayan sa consultation desk.

### ◎Kinakailangan ang pagsang-ayon ng mismong tao upang tumanggap ng bakuna.

Kapag tatanggap ng bakuna, mangyaring tiyakin na mayroong kang tamang kaalaman tungkol sa parehong epekto ng pag-iwas sa impeksyon at ang panganib ng mga side effects, at pagkatapos ay magpasya sa pagbabakuna batay sa iyong sariling kagustuhan.

Hindi isasagawa ang pagbabakuna nang walang pagsang-ayon ng taong tatanggap nito.

Hindi dapat pilitin ang mga tao sa lugar ng trabaho o sa mga nakapaligid, atbp. na magpabakuna o diskriminahin ang mga taong hindi nakatanggap ng pagbabakuna.

### ◎Mayroong relief system para sa pinsala sa kalusugan dulot ng pagbabakuna.

Maaaring magdulot ng pinsala sa kalusugan dahil sa pagbabakuna (pagkakasakit o pag-iiwan ng kapansanan). Bagama't napakabihira nito, hindi ito maaaring mawala, kaya mayroong itinatag na relief system.

Mangyaring kumonsulta sa munisipyo kung saan mayroon kang certificate of residence tungkol sa prosesong kinakailangan sa aplikasyon, atbp.

**Kahit pagkatapos tumanggap ng bakuna, mangyaring ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pagsusuot ng face mask.**

Ang bakuna para sa COVID-19 ay nakumpirma na lubos na epektibo sa pag-iwas sa pagsisimula ng impeksyon ng COVID-19, ngunit ang pagiging epektibo nito ay hindi 100%. Dagdag pa rito, maaaring maapektuhan din dahil sa mutasyon ng virus.

Dahil dito, hinihiling namin ang lahat na ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon. Partikular, mangyaring striktong isagawa ang pag-iwas sa “3Cs (crowded places, close-contact, closed space)”, magsuot ng face mask, maghugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at disimpektahin ito gamit ang alcohol para sa pag disimpekta ng mga kamay at daliri.

**Mangyaring ipagpatuloy ang pagsasagawa ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.**




Kung hindi mo ma-access ang website, mangyaring kumonsulta sa iyong munisipyo.

**Para sa impormasyon sa pagiging epektibo at kaligtasan ng bakuna para sa COVID-19, mangyaring tingnan ang pahina ng “Tungkol sa bakuna para sa COVID-19” sa website ng Ministry of Health, Labor and Welfare.**

Ministry of Health, Labor and Welfare COVID-19 Bakuna **Hanapin**

Contact information